Para sa lahat ng mga
Technical Intern Trainees (1)

<Salin sa Wikang Filipino (Tagalog)>

(Hunyo 2022)

# Patnubay sa Sistema ng Pampublikong Pensyon

Ang Sistema ng Pampublikong Pensyon ay isang sistema na nagbibigay-daan upang makatanggap kayo ng mga benepisyo sa harap ng mga hindi inaasahang panganib tulad ng kapansanan, kamatayan, at pagtanda, sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwanang kontribusyon. Ang lahat ng taong naninirahan sa bansang Hapon mula 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang*, maging anuman ang nasyonalidad, ay obligadong sumali sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ng bansang Hapon.

Ang mga Technical Intern Trainees ay kailangan ding sumali sa Sistema ng Pampublikong Pensyon (alinman sa Employees' Pension Insurance o National Pension). (→P.2)

*Obligadong sumali ang lahat ng taong wala pang 70 taong gulang sa Employees' Pension Insurance.

## Mga Sistema na Sasalihan

| Employees' Pension Insurance | National Pension |
| --- | --- |
| Mga empleyado, atbp. (→P.2) | Mga self-employed, atbp. (→P.2) |

## Benepisyo, atbp.

1. Pensyon ng Pagkaroon ng Kapansanan (→P.3)
2. Pensyon ng mga Naulila (→P.3)
3. Pensyon sa May Edad o Matatanda (→P.4)
4. Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag (→P.5)

## Employees' Pension Insurance

**Kung ang kumpanya na pinagtatrabahuhan ninyo ay negosyong sakop ng Employees' Pension Insurance, kinakailangan ninyong sumali rito.**

■Proseso ng pagsali: Isasagawa ng kumpanya na pinagtatrabahuhan ninyo.
■Halaga ng kontribusyon: Sagot ng kumpanya ang kalahati, at babayaran ninyo ang natitirang kalahati.
Ibabawas ito sa inyong suweldo.

*Mangyaring kumpirmahin sa kumpanya na inyong pinagtatrabahuhan kung ito ay sakop ng Employees' Pension Insurance.

## National Pension

**Kung ang kumpanya na pinagtatrabahuhan ninyo ay negosyong hindi sakop ng Employees' Pension Insurance, kinakailangan ninyong sumali sa National Pension.**

■Proseso ng pagsali: Mangyaring pumunta at kumpletuhin ang proseso sa malapit na Opisina ng Pensyon, o kaya sa munisipyo ng lugar kung saan kayo nakatira.
■Halaga ng kontribusyon: Sagot ninyo ang buong halaga.
Mangyaring bayaran ito gamit ng slip na ipapadala sa inyong tirahan, o kaya sa pamamagitan ng awtomatikong bank transfer.

## 1 Pensyon ng Pagkaroon ng Kapansanan: Kapag kayo ay nagdurusa sa tiyak na kapansanan

Kung kayo ay nagdurusa sa tiyak na kapansanang dulot ng sakit o pinsala sa panahon ng Technical Intern Training, maaari ninyong matanggap ang benepisyo ng Pensyon ng Pagkaroon ng Kapansanan.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa proseso ng pag-aplay, atbp., mangyaring makipag-ugnay sa malapit na Opisina ng Pensyon o tawagan ang NENKIN Dial. (→P.9)

## 2 Pensyon ng mga Naulila: Kapag kayo ay pumanaw

Kung kayo ay pumanaw sa panahon ng Technical Intern Training, ang mga naulilang umaasa sa inyong kita ay maaaring makatanggap ng benepisyo ng Pensyon ng mga Naulila. Ang sakop ng mga naulila ay nakasalalay kung kayo ay nasa ilalim ng Employees' Pension Insurance o National Pension.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa proseso ng pag-aplay, atbp., mangyaring makipag-ugnay sa malapit na Opisina ng Pensyon o tawagan ang NENKIN Dial. (→P.9)

## 3 Pensyon sa May Edad o Matatanda: Kapag kayo ay tumanda

Kapag kasapi kayo sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ng bansang Hapon sa loob ng 10 taon o higit pa, maaari ninyong matanggap ang benepisyo ng Pensyon sa May Edad o Matatanda sa hinaharap.

Bukod pa rito, kung kayo ay kasapi sa Sistema ng Pensyon ng alinman sa mga sumusunod na bansa(*), sa pamamagitan ng pagdagdag (sa kabuuan) ng panahon na kasapi kayo sa Sistema ng Pensyon ng nasabing bansa at ng panahon na kasapi kayo sa Sistema ng Pensyon ng bansang Hapon, maaari ninyong matanggap ang benepisyo ng Pensyon sa May Edad o Matatanda ng bawat bansa sa hinaharap.

(*)Mga bansang may umiiral na social security agreement kasama ng bansang Hapon para sa pagsasaisa ng panahon ng pensyon (impormasyon hanggang Hunyo 2022)
Germany, U.S.A., Belgium, France, Canada, Australia, Netherlands, Czech Republic, Spain, Ireland, Brazil, Switzerland, Hungary, India, Luxembourg, Philippines, Slovakia, Finland,Sweden

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa proseso ng pag-aplay, atbp., mangyaring makipag-ugnay sa malapit na Opisina ng Pensyon o tawagan ang NENKIN Dial. (→P.9)

## 4 Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag: Kapag kayo ay uuwi na sa sariling bansa

Kung kayo ay umuwi sa sarili ninyong bansa at tumiwalag (umalis) kayo mula sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ng bansang Hapon, maaari ninyong matanggap ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag kung mag-aplay kayo sa loob ng dalawang taon mula sa pag-alis ninyo ng bansang Hapon. Gayunpaman, may mga kundisyong kailangang matugunan tulad ng pagiging kasapi sa sistema ng pensyon ng 6 na buwan o higit pa, hindi pagtanggap ng benepisyo ng Pensyon ng Pagkaroon ng Kapansanan, atbp.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa proseso ng pag-aplay, atbp., mangyaring makipag-ugnay sa malapit na Opisina ng Pensyon o tawagan ang NENKIN Dial. (→P.9)

Bukod pa rito, mayroong mga puntos tungkol sa paghiling nito na kailangang bigyan ng pansin. Mangyaring siguraduhing kumpirmahin ang mga ito sa Lakip (mula P.6).

Lakip

# Mga Puntos na Kailangang Bigyan Pansin sa Paghiling ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag

## ■Bago Hilingin ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag

Maaari ninyong matanggap ang benepisyo ng Pensyon sa May Edad o Matatanda kapag matugunan ninyo ang mga kundisyon tulad ng pagiging kasapi sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ng bansang Hapon sa loob ng 10 taon o higit pa, o kapag may umiiral na social security agreement sa pagitan ng inyong bansa at bansang Hapon. Subalit, kung makuha ninyo ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag, hindi na kayo kuwalipikado upang matanggap ang nasabing benepisyo*.

*Ang dahilan nito ay, kung makuha ninyo ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag, ang panahon na ginamit upang kalkulahin ang halaga na matatanggap ninyo ay hindi na ituturing bilang panahon kung saan kasapi kayo sa Sistema ng Pampublikong Pensyon.

Dahil dito, **bago ninyo hilingin ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag, mangyaring pag-isipan nang mabuti kung may balak kayong tanggapin ang benepisyo ng Pensyon sa May Edad o Matatanda sa hinaharap.**

## ■Naisumite na ba ninyo ang Abiso ng Paglipat (*tenshutsu todoke*)?

Upang makuha ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag, kinakailangan na “ang inyong address ay wala na sa loob ng bansang Hapon sa araw na matanggap ng Japan Pension Service (Opisina ng Pensyon) ang inyong aplikasyon.” Dahil dito, **siguraduhing magsumite ng Abiso ng Paglipat (*tenshutsu todoke*) sa munisipyo na sakop ng tirahan ninyo bago kayo umuwi sa sarili ninyong bansa** at, pagkatapos, ay isumite ang aplikasyon sa Japan Pension Service (Opisina ng Pensyon).

*Maaari rin ninyong isumite ang aplikasyon habang nasa loob pa kayo ng bansang Hapon bago umuwi sa sariling bansa. Sa kasong ito, mangyaring isumite ang aplikasyon upang makarating ito sa Japan Pension Service (Opisina ng Pensyon) **pagkatapos ng petsa ng paglipat (planado)** sa residence certificate.

# Mga Puntos na Kailangang Bigyan Pansin sa Paghiling ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag
(Para sa mga magpapatuloy bilang Technical Intern Trainees (iii) )

## ■Nagbago ang itaas na limitasyon ng bilang ng taon ng kabayaran noong Abril 2021!

Kung kayo ay kasali sa pensyon sa loob ng isang buwan o higit pa mula Abril 1, 2021, ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag na maaaring sabay-sabay hilingin ay naging katumbas na ng 5 taon, sa halip ng nakaraang katumbas lamang ng 3 taon.

### Panahon na Kasali sa Pensyon at Itaas na Limitasyon ng Bilang ng Taon

| Ang panahong kasali sa pensyon ay | Itaas na Limitasyon |
| --- | --- |
| bago ng Marso 2021 lamang | : 3 taon |
| mayroon ding mula Abril 2021 | : 5 taon |

**Mga Puntos na Dapat Tandaan**

Upang mailapat ang itaas na limitasyon ng 5 taon, kinakailangan na ang panahon na kasali kayo sa pampublikong pensyon mula Abril 2021 ay isang buwan o higit pa. Kahit na ang petsa ng pag-alis ng bansang Hapon o petsa ng aplikasyon ay pagkatapos ng Abril 2021, kung hindi kayo kasali sa pensyon mula Abril 2021, ang itaas na limitasyon ay mananatiling 3 taon.

Dagdag pa rito, mangyaring alalahanin na kahit manatili kayo sa bansang Hapon ng higit sa 5 taon sa pamamagitan ng paglipat patungo sa Specified Skilled Worker (i) pagkatapos kumpletuhin ang Technical Intern Training (i), (ii), atbp., ang pinakamalaking halaga ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag na maaaring hilingin nang sabay-sabay ay 5 taon. Maaari rin ninyong hilingin na makuha ang Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag sa dalawang bahagi depende sa panahon na kasali kayo sa pensyon, tulad ng nakasaad sa ibaba.


(Hal.) (1) Pagkatapos kumpletuhin ang Technical Intern Training (i), (ii), pansamantalang pag-uwi sa sariling bansa at paghiling ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag (3 taon), at (2) pagkatapos kumpletuhin ang pagiging Specified Skilled Worker (i), pag-uwi sa sariling bansa at paghiling ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag (5 taon).

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa malapit na Opisina ng Pensyon o tawagan ang NENKIN Dial. (→P.9)


# Mga Puntos na Kailangang Bigyan Pansin sa Paghiling ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag
## (Para sa mga magpapatuloy bilang Technical Intern Trainees (iii) )

## ■ Kapag ang panahon na kasali sa pensyon mula Abril 2021 ay isang buwan o higit pa

Tungkol sa panahon na gagamitin sa pagkalkula ng halaga ng Lump Sum na Kabayaran para sa Pagtiwalag, gaya ng nakasaad sa P.7, dahil **ang itaas na limitasyon ay inangat patungo 5 taon (60 buwan) noong Abril 2021**, maaari nang sabay-sabay na hilingin ang halaga na katumbas ng 5 taon sa panahon (2) ng pag-uwi sa sariling bansa pagkatapos ng Technical Intern Training (iii). Tulad ng dati, posible pa ring gawin ang paghiling sa dalawang bahagi (1) at (2).




### ■Proseso (halimbawa)



## Contact Information, atbp.

**Online**

**■Japan Pension Service –Home page sa wikang Hapon**

https://www.nenkin.go.jp/

**■Japan Pension Service –Home page sa wikang dayuhan**

https://www.nenkin.go.jp/international/index.html

**Kung nais ninyong pumunta sa opisina**

**■Listahan ng mga Opisina ng Pensyon sa buong bansa**

https://www.nenkin.go.jp/international/aboutjps/offices.html

**■Konsultasyon gamit ang serbisyo ng pagsasalin**

https://www.nenkin.go.jp/international/index.files/01.pdf

**Gamit ng telepono**

**■Japan Pension Service –Contact para sa konsultasyon gamit ng telepono**

https://www.nenkin.go.jp/section/tel/index.html

**【NENKIN Dial】**

**0570−05−1165**

***Kung tatawag kayo mula sa numerong nagsisimula sa 050**

**03−6700−1165**



Internasyonal na Dibisyon ng Pensiyon, Bangko ng Pensyon, Ministri ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan